MotoLyrics
MotoLyrics.com
Biggest, regularly updated and free lyrics database

# Salbakuta
# "Salamat"

Visit "Salamat" on MotoLyrics.com

Verse I
Naaalala ko pa nun nung ating kabataan wala tayung iwanan ikaw ang kaibigan
Sa jeep 1 2 3 baon hinahati kalaro ka sa kalsada hanggang hating-gabi pag
Pasok sa eskwela lagi tayong sabay sa gate ng bahay namin lagi kang
Naghihintay ngunit isang araw bigla kang nagpaalam kung kailan ka babalik
Sabi mo hindi mo alam lungkot at lumbay luha ko'y pumatak pagtalikod ko
Goodbye sa utak ko tumatak nasaan ka kaibigan bakit ako iniwan pangako
Natin diba walang iwanan lumipas ang panahon dumaan maraming taon
Pinagtagpo muli landas natin ng pagkakataon pighati ng 'yung buhay iyong
Isinalaysay pinangakuan ka ako'y nandito para gumabay magkalayo man ang
Landas na sa 'tin ang agwat ikaw pa rin ang tropa kaibigan kung katapat
Salamat pre 'yan ang huli mong salita, salamat din pre hanggang tayo'y
Tumanda
Chorus:
Malayo ang pinagmulan ilang taon ang nagdaan kahit nagbago ng lahat ganun
Pa rin ang samahan marami ng nangyari iisa lang ang masasabi salamat pre sa
Samahan na walang kasing tindi

Verse II
Naalala mo pa ba nung tayo'y nasa high school at college halos sabay din
Taong dalawa nagkaroon ng knowledge pag nagkataon na wala akong baon
Nagsi-share tayo sa dala mong mamon thanks pare tunay kang kaibigan kaysa
Kagipitan walang iwanan subok na ating pinagsamahan malalim na ating
Pinagdaanan paminsan-minsan merong tampuhan

hindi nawawala 'yon sa
Magkaibigan marami din ako sayong natutunan pero
take note lahat 'yun puro
Kabutihan halika muna dito aking kaibigan sariwain
natin ating nakaraan
Masayang-masaya ako ngayon kung nasaan ako
masayang-masaya din ako sa
Kinalalagyan mo may trabaho ka na at may pamilya ka
na ako naman pagra-rap
Ko natupad na halika muna dito pare ko inuman tayo
common
(Repeat Chorus)2x
Verse III
Naaalala mo ba nung tayo'y magkasama kay tagal
ding panahon tayong di
Nagkita pareho pa tayong tirador ng bahaw sabay ang
ulam natin ay adobong
Sitaw basta sa inuman tayo'y patak-patak kahit walang
pulutan basta merong
Wapak basta sa kwentuhan ay chicks usapan ako'y
naiilang wala kung
Karanasan ang pamasahe sayo ko pa inuutang kasi
ikaw lang ang meron sa
Tambayan at kahit saan makarating walang iwanan at
sa tunog ng gitara
Tayo'y magkantahan pero pare-parehong tumatakbo
ang panahon kanya-kanya na
Tayong buhay ngayon at kahit na ako ay merong
narating hindi magbabago
Andito pa rin sa sandaling oras ng pagkikita natin
tamis ng samahan ay
Ating lasapin at sana ay laging andyan ka pa rin
nakaraan natin wag nating
Limutin
(Repeat Chorus)3x

Visit Salbakuta page on MotoLyrics.com, to get more lyrics and videos.

MotoLyrics.com | Lyrics, music videos, artist biographies, releases and more.